Petsa: _____

Pangalan ng Tatanggap: _____
Address ng Tatanggap:

Minamahal na: _____

☐ A. Pagkatapos suriin ang iyong Aplikasyon para sa Kompromiso - Mulinh Pagsasama ng Pamilya, natukoy namin na **hindi mo natutugunan ang mga pinakamababang kinakailangan para sa pagiging kwalipikado para sa isang kompromiso** dahil:

- ☐ Ang iyong anak ay kasalukuyang hindi nakatira sa iyo kahit man lang 50% ng oras.
- ☐ Ang iyong netong kita ay $_____, na para sa isang sambahayan ng ____ ay masyadong mataas para maging kwalipikado para sa kompromiso na ito.
- ☐ Ang iyong anak ay hindi nakatanggap ng mga benepisyo ng Foster na Pangangalaga, CalWORKs, o KinGAP sa panahon na ang iyong anak ay wala sa iyong tahanan.
- ☐ Ang iyong kabuuang kita ay $_____, na para sa isang sambahayan ng ____ ay masyadong mataas para maging kwalipikado para sa kompromiso na ito.
- ☐ Ang iyong anak ay hindi na menor de edad.
- ☐ Iba pa:

☐ B. Ang iyong aplikasyon ay tinanggihan dahil nagpadala kami sa iyo ng isang Stipulasyon at hindi mo ito nilagdaan at ibinalik sa loob ng kinakailangang 20 araw ng negosyo.

Dahil tinanggihan ang iyong aplikasyon, patuloy na kukunin ng ahensyang ito ang mga bayad sa suporta sa bata na dapat mong bayaran para sa iyong (mga) anak. Kung sa tingin mo ay magiging karapat-dapat ka para sa isang kompromiso dahil sa pagbabago sa iyong mga bayad sa suporta, maaari kang mag-apply muli.

Mayroon ding isa pang programa sa kompromiso na kasalukuyang magagamit na pinamagatang Programa sa Kompromiso ng Atraso (Compromise of Arrears Program o COAP). Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon sa programang ito mangyaring tawagan ang numero ng telepono sa ibaba.

Kung mayroon kang anumang mga tanong, pakibisita ang Customer Connect sa www.childsupport.ca.gov/customer-connect o tawagan ang Customer Connect sa 1-866-901-3212. Mga taong may kapansanan sa pandinig o pagsasalita, mangyaring tawagan ang numero ng TTY sa 1-866-399-4096.

PAANO MAGREKLAMO TUNGKOL SA IYONG APLIKASYON PARA SA KOMPROMISO - MULING PAGSASAMA NG PAMILYA

DCSS 0029 (Tagalog) (05/17/07)

KARAPATAN SA RESOLUSYON NG REKLAMO:

Kung sa tingin mo ay may nagawang pagkakamali sa paraan ng pagproseso sa iyong aplikasyon o ang halaga ng suporta na naabot ng lokal na ahensya ng suporta sa bata para sa iyong kompromiso, ang lokal na ahensya ng suporta sa bata ay may proseso ng paglutas ng reklamo. Upang simulan ang proseso ng paglutas ng reklamo dapat kang tumawag sa ahensya ng suporta sa bata sa 1-866-901-3212, (TTY number 1-866-399-4096) o isulat ang iyong lokal na ahensya ng suporta sa bata sa address sa ibaba:

Lokal na Ahensya ng Suporta sa Bata

MAHALAGA: Ang iyong kahilingan para sa paglutas ng reklamo ay dapat gawin sa loob ng 90 araw mula sa petsa na alam mo, o dapat na alam mo, ang tungkol sa pagkakamali.

Ang lokal na ahensya ng suporta sa bata ay may 30 araw mula sa petsa na natanggap nito ang iyong reklamo upang bigyan ka ng nakasulat na resolusyon ng iyong reklamo, maliban kung ang lokal na ahensya ng suporta sa bata ay nagpasiya ng higit pang impormasyon o oras na kailangan upang malutas ang iyong reklamo. Makikipag-ugnayan sa iyo ang lokal na ahensya ng suporta sa bata kung kailangan nito ng karagdagang impormasyon sa oras upang malutas ang iyong reklamo.

KARAPATAN SA ISANG PAGDINIG NG ESTADO

Kung ang lokal na ahensya ng suporta sa bata **ay hindi** tumugon sa iyo sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng iyong reklamo, may karapatan kang humiling ng pagdinig ng estado sa harap ng isang Hukom ng Administratibong Batas.

MAHALAGA: Kung ang lokal na ahensya ng suporta sa bata ay hindi tumugon sa iyo sa loob ng 30 araw, at nagpasya kang humiling ng pagdinig ng estado, ang iyong kahilingan para sa isang pagdinig ng estado ay dapat gawin sa loob ng 90 araw pagkatapos mong gawin ang iyong reklamo sa lokal na ahensya ng suporta sa bata.

Kung ang lokal na ahensya ng suporta sa bata **ay** tumugon sa iyo sa loob ng 30 araw ng paggawa ng iyong reklamo, at hindi ka nasisiyahan sa resolusyon ng reklamo ng lokal na suporta sa bata, may karapatan kang humiling ng pagdinig ng estado sa harap ng isang Hukom ng Administratibong Batas.

MAHALAGA: Kung hindi ka nasisiyahan sa resolusyon o tugon sa reklamo ng lokal na ahensya ng suporta sa bata, at nagpasya kang humiling ng pagdinig ng estado, ang iyong kahilingan para sa pagdinig ng estado ay dapat gawin sa loob ng 90 araw pagkatapos mong matanggap ang nakasulat na tugon ng lokal na ahensya ng suporta sa bata. Makakatanggap ka ng mga tagubilin kung paano maghain para sa pagdinig ng estado kapag nagsampa ka ng reklamo sa lokal na ahensya ng suporta sa bata.

I-print ang Form